Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Talaarawan**

**I. PANUTO:** Piliin at salungguhitan sa loob ng panaklong ang angkop na salitang kokompleto sa bawat pangungusap.

1. Ang pagsulat ng talaarawan ay batay sa (panlibang, personal) na karanasan ng isang tao.

2. Ang mga pangyayaring isinusulat sa talaarawan ay (makatotohanan, hindi kapani-paniwala).

3. Pinagsusunod-sunod ayon sa (pangalan, petsa) ang talaarawan.

4. Itinatala sa (itaas, ibaba) na kanang bahagi ng papel ang petsa ng talaarawan.

5. Ginagamit ang (unang, ikatlong) panauhan sa pagsusulat ng talaarawan.

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang talaarawang nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

*Ika-12 ng Oktubre 2020*

*Dear diary,*

*Pagkatapos kong makapanood ng balita sa telebisyon, nakita ko ang totoong kalagayan ng aking bansa. Nakalulungkot talaga. Maraming paghihirap ang nararanasan ng mga tao sa ngayon. Marami akong nakitang posts sa mga social networking site na naghihikahos at walang hanapbuhay ang marami. May mga kabataang hindi na nakapag-aral at tumutulong na lamang sa gawaing bahay. Mayroon namang hirap sa mabibigat na trabaho. Pagod at hapong-hapo sila sa maghapon.*

*Ano kaya ang maaaring magtanggal ng mga lungkot na ating nadarama? Noong isang hapon ay nakapanood ako ng isang programang komedya. Kahit papaano ay gumaan ang aking pakiramdam. Sinasabing "Laughter is the best medicine." Isa raw sa mabisang solusyon sa problema ay ang mga kuwentong biro na may katatawanan at nakaaaliw. Kahit sandali ay nalibang at nakalimot ako sa mga problema sa buhay. Sana, sa susunod ay makapanood ulit ako ng mga ganitong klaseng palabas.*

*Nagmamahal,*
*Ana*

6. Anong katangian ni Ana ang ipinakikita sa napakinggang talaarawan?

a. Si Ana ay maawain.
b. Si Ana ay mapagkawanggawa.
c. Si Ana ay maasikaso sa pamilya.
d. Si Ana ay matulungin sa kapuwa.

7. Ayon sa napakinggang talaarawan, bakit nalungkot at nag-alala si Ana?

a. Marami ang nasalanta ng bagyo.
b. Hindi wasto ang paninigil ng buwis.
c. Nakita niya ang totoong kalagayan ng ating bansa.
d. Maraming pagmamalupit ang nangyayari sa paligid.

8. Ano ang nakatulong sa pagpapagaan ng kaniyang pakiramdam?

a. Ang pag-eehersisyo
b. Ang pagtatanim ng halaman
c. Ang kanilang masarap na hapunan
d. Ang napanood na programang komedya

9. Anong pag-uugali ang ipinakita ni Ana sa kaniyang isinulat na talaarawan?

   a. Siya ay makasarili dahil gusto niyang umayon sa kaniyang kagustuhan ang lahat ng bagay.
   b. Siya ay mabilis mawalan ng pag-asa dahil nagpokus siya sa mga kabiguan at kawalan ng pag-asa ng mga kababayan.
   c. Siya ay padalos-dalos sa pagdedesisyon dahil gusto niyang makamit ang katarungan sa pamamagitan ng agresibong pamamaraan.
   d. Siya ay may malawak na pang-unawa dahil ipinakita niya ang pangunawa at pakikisimpatiya sa iba't ibang sitwasyong nararanasan ng kaniyang mga kababayan.

10. Bakit mahalaga ang pagsusulat sa talaarawan?

   a. Ibinabahagi rito ang sikreto ng sumulat sa ibang tao.
   b. Inilalahad rito ang mahahalagang pangyayaring naganap sa buhay ng sumulat.
   c. Inilalarawan dito ang ilang detalye kung saan at kung paano naganap ang isang bagay.
   d. Ipinakikita rito ang saloobin, damdamin, at pang-araw-araw na gawain ng sumulat na maaaring kapulutan ng aral.